

CHAPTER *One*

“*M*omshie K, hahabol tayo. I know that your team can do it and you can do it. You still have a week para makahabol sa quota. If you need anything or if you encounter any problem, please don’t hesitate to approach me. Okay?”

“Salamat, Gia.”

Sales manager siya sa isang top insurance company. Hindi siya nagpapatawag ng ‘Ma’am’ sa mga empleyado lalo na kung mas matanda sa kanya. Kung hindi ‘Gia’ ang tawag sa kanya ay ‘Miss Gia’.

“You’re welcome,” nakangiti niyang tugon at pagkatapos ay binalingan niya si Mike, isa sa mga financial advisor na under sa team ni Momshie Karen. “Mike, please call all the other unit managers

and financial advisors.”

“Okay, Miss Gia.”

Lumabas mula sa conference room si Mike. Makalipas ang ilang minuto ay nakabalik ito kasama ang mga ipinatawag niya. Nagpatawag siya ng meeting sa bawat team na hawak niya at pagkatapos nilang mag-meeting ay saka niya pinagsama-sama ang bawat grupo.

Naniniwala kasi siya na iisa ang goal ng bawat team, subalit iba’t ibang challenges ang pinagdadaanan kaya ganoong strategy ang kanyang ginawa.

“I think everyone is here. Nagpa-deliver ako ng food kaya wala munang aalis after ng meeting.”

“Iba ka talaga, Gia. You’re the best boss ever,” komento ni Bea, isa sa mga unit manager. “Sana araw-araw may meeting para makakain kami ng masarap na pagkain at higit sa lahat, libre.”

“Ikaw talaga, Beatrice! Ang hilig mo sa libre samantalang kumikita ka naman,” reklamo niya.

Maliban sa pagtatrabaho nito sa insurance company ay mayroon na itong sariling pharmacy. Una silang nagkakilala ni Bea sa pharmacy kung saan ito nagtatrabaho noon. Kasalukuyan siyang financial advisor nang mga panahong iyon.

Bumili siya ng gamot at nagkakuwentuhan sila. Simula noon, sa tuwing may kailangan siyang bilhin sa pharmacy ay doon na siya bumibili hanggang sa naging magkaibigan sila. Kalaunan ay inalok niya itong magtrabaho sa insurance company.

“Nagpapayaman kasi ako.”

“Ang sabihin mo, kuripot ka lang talaga.” Tinawanan nito ang kanyang sinabi. “Anyways, any minute ay darating na ang food so let’s start the meeting.”



Nagliligpit siya ng gamit nang biglang sumulpot si Bea. Bitbit nito ang bag at mukhang ready nang umalis. Wala siyang dalang sasakyan kaya makikisabay siya sa kaibigan tatal nakatira sila sa iisang subdivision.

“Let’s go.” Mahihimigan sa boses nito ang excitement. Halatang gustong-gusto na nitong umalis.

“Heto na.” Mabilis na sinundan ni Gia ang kaibigan palabas ng opisina. “Bakit mukhang nagmamadali ka?”

Binalewala nito ang kanyang tanong. Pagdating nila sa parking lot ay agad itong sumakay sa kotse kaya sinundan na lang niya ito.

“Ang weird mo, Bea,” puna niya rito paglulan niya sa sasakyan. “Ano ba’ng nangyayari sa ’yo?”

“I’m so excited!” masiglang tugon nito habang nagmamaneho. “May pupuntahan tayo.”

Nagsalubong ang kanyang mga kilay. Masamang tingin ang ipinukol niya sa kaibigan. “Beatrice, may binabalak ka ba?” Wala silang usapan na may pupuntahan sila maliban na lang kung may naiisip na naman itong kalokohan.

Kinindatan siya ng kaibigan bilang tugon sa tanong niya at naunawaan niya kung ano ang ibig sabihin nito.

“Bea, parang awa mo na,” aniyang sapo ang noo. Tila biglang sumakit ang kanyang ulo dahil sa sinabi ng kasama. “Ilang beses na kitang pinagbigyan sa blind date-blind date na ’yan. Pati iba nating katrabaho ay nahahawa na sa ’yo kaya ginaya ka na.”

Hindi na matandaan ni Gia kung ilang lalaki na ang inireto sa kanya ni Bea at ng iba nilang katrabaho, ngunit hindi lahat ay sinang-ayunan niya. At ni isa sa mga naka-date niya ay walang pumasa sa kanyang panlasa. Hindi naman siya pihikan kaso wala talaga siyang magustuhan.

Paano, kung hindi boring kausap ay sobra namang daldal. Mayroon ding kausap na maiinis ka

dahil sobrang yabang magsalita at di ka man lang bibigyan ng pagkakataon na magkuwento dahil ito palagi ang bida. Mayroon ding malupit dumiskarte, kakakilala pa lang ay gusto na agad maka-home run. Hello? Hindi sex buddy ang hanap niya.

“Gianelli, anong petsa na? Twenty-nine ka na, girl! Malapit nang mag-goodbye sa kalendaryo ang edad mo pero single ka pa rin,” wika ng kasama. “Kalimutan mo na kasi ang ex mo.”

“Hoy, Beatrice! Walang kinalaman si Edward dito,” nakairap na sabi niya. “Matagal na akong naka-move on. Wala talaga akong magustuhan sa mga ipinakilala mo. Wala akong spark na maramdaman,” paliwanag niya. “Ano naman ngayon kung twenty-nine na ako? Magkasing-edad lang tayo at parehong single.”

“Magkaiba tayo. May baby na ako, may mag-aalaga sa ’kin kapag tumanda ako. Paano ka?”

“I’ll be fine. Ikaw, p’wede kang magmahal ulit unless hindi ka pa nakaka-move on.”

“Ako, hindi naka-move on? No way! Matagal ko nang inilibing sa limot ang lalaking ’yun.” May halong gigil sa boses nito. Halatang galit pa ito sa dating nobyo. “Teka, bakit napunta sa ’kin ang usapan? Ang pakikipag-date mo ang topic natin.”

Napabuga siya ng hangin. Akala niya ay nawaglit na sa isipan nito ang pinag-uusapan nila kanina. “Tantanan mo ako, Bea, sa reto-reto na ’yan. Wala akong nakilalang interesting sa mga inireto mo. Darating din ang para sa ’kin kung may darating. Kung wala naman, eh, di wala. Huwag nating ipilit.

“Gia, huwag kang nega,” saway sa kanya ni Bea. “Ipinapangako ko na huli na ’to. Kapag di nag-click o walang spark, hindi na ulit kita pipiliting makipagkilala sa iba.”

“Gaano mo ba kakilala ang lalaking ’yan? Baka naman kakilala ’yan ng kakilala mo o kaya kliyente mo o kamag-anak ng kliyente mo?”

“Pinsan ko. Matanda siya sa ’yo ng isang taon.”

Napatitig si Gia sa kaibigan. Wala itong ipinakilala sa kanya na kamag-anak. Ang alam niya ay wala itong komunikasyon kahit isa sa mga kamag-anak nito simula nang maglayas ito.

“I saw him last month, sa mall. Nakalimutan kong banggitin sa ’yo dahil pareho tayong busy at madalas di tayo nagkikita dahil lagi kang nasa seminar,” anito kahit di siya nagtanong.

“Okay.”

Nagliwanag ang mukha nito. “Pumapayag ka na?”

“No!” mabilis niyang tanggi. “Ang ibig kong sabihin na okay ay naiintindihan ko ang paliwanag mo.”

Lumungkot ang expression nito. “Please, pumayag ka na. Promise, mabait ang pinsan ko, guwapo, matalino, responsible, at higit sa lahat, hindi babaero.”

Pinaikot niya ang mga mata. “Siyempre kamag-anak mo ’yun kaya puro magagandang katangian ang sasabihin mo. Isa pa, ang tagal n’yong walang komunikasyon kaya paano ka nakakasiguro na hindi siya nagbago?”

“Basta alam ko.”

At nagsimula na itong magkuwento tungkol sa pinsan nito.



She hated crowded and noisy places, but she couldn’t understand why she said yes when Bea asked to come with her to the bar. Kaya heto siya ngayon, nagtitiis sa ingay ng lugar.

“Gia, dito ka muna. Hahanapin ko lang si Nathaniel.”

Ang pinsan ni Bea ang may-ari ng bar na pinuntahan nila. In all fairness, kahit maingay at maraming tao sa *Harmony* ay wala siyang nakikitang

malalaswang eksena at disente ang suot ng mga tao.

“Sure.”

Hindi natuloy ang pagkikita nila ng pinsan nito last time dahil tumawag ang yaya ni Nicole at sinabing masakit ang tiyan ng bata kaya umuwi sila. Nag-set ng ibang araw si Bea upang matuloy ang pagkikita nila ng pinsan nito.

Halos dalawang minuto lang ang lumipas nang umalis si Bea nang may lumapit na lalaki sa kanya. Nagpa-cute muna ito bago nagsalita na kinainisan niya.

“Miss, do you mind if I join you?” tanong nito sa kanya, subalit umupo na ito sa tabi niya. Mabilis itong nakapag-order ng drinks dahil sila ay nakapuwesto sa bar counter.

Napailing si Gia. Ang lakas ng loob nitong humingi ng permiso samantalang wala itong pakundangang umupo sa tabi niya.

“I’m sorry to disappoint you, but I have a companion.”

“Nasaan siya?” may pagdududang tanong nito. Mukhang di ito kumbinsido sa sinabi niya. “Dapat di niya pinapabayaang mag-isa ang isang magandang babaeng katulad mo.”

Lihim na inirapan niya ang lalaki. Nairita siya

sa presensya nito dahil obvious na nakikipag-flirt ito sa kanya. “He’s already here.”

“Talaga? Bakit mag-isa ka lang? At tama ba ang narinig kong tinutukoy mong kasama’y lalaki? Nakakapagtaka namang babae ang kasama mo kanina.”

Pinagtaasan niya ito ng kilay. Ibig sabihin ay kanina pa ito nagmamasid sa kanya.

“I don’t owe you an explanation,” mataray niyang sagot saka marahang tumayo. “Just mind your own business and don’t meddle with mine.”

Akmang maglalakad siya palayo sa lalaki, subalit mabilis nitong nahawakan ang kanyang kaliwang braso.

“Miss, huwag ka nang magpa-hard-to-get. Bibigay ka rin. And I’m sure na hahanap-hanapin mo ang sarap na ipalalasp ko sa ’yo.”

What the heck? Sumosobra na ang kabastusan ng lalaking kaharap niya. Ano ang akala nito sa kanya, kaladkaring babae?

Akala niya ay disente at professional ang lahat ng customers sa *Harmony*, di pala. Siguro mali ang pinasukang bar ng lalaking ito. Ipapakita niya rito kung ano ang hinahanap nito.

“Really?” Pinalamyos ni Gia ang tinig. Hinaplos

niya ang mukha ng lalaki gamit ang kanang kamay. “Di ba dapat hindi ka nawawalan ng kasama? Base kasi sa sinabi mo, mukhang mahusay ka. Bakit mag-isa ka ngayon? Ano’ng nangyari?” Kunwari ay pinalungkot niya ang boses. Umarte siyang bumibigay sa kausap.

“Boring silang kasama. Gusto ko ’yung palaban at walang kinakatakutan, gaya mo.”

“Ganoon ba?”

Unti-unti nitong binitawan ang braso niyang hawak nito. Lihim siyang napangiti. Umaayon ang lahat sa kanyang plano. Nang tuluyan na siya nitong bitawan ay inundayan niya ito ng suntok sa sikmura. Nabigla ang lalaki sa ginawa niya kaya nawalan ito ng balanse at natumba.

“Damn!” Dahan-dahan itong bumangon at hinarap siya. “Ano’ng problema mo?”

“Problema? Ikaw ang problema ko. Sinabi ko sa ’yo na may kasama ako, pero ayaw mo akong tantanan. Hindi lang ’yan ang matitikman mo kapag di mo ako tinigilan.”

“Sino’ng tinutukoy mong kasama, ’yung babae?” natatawang wika nito. Mukhang malakas ang tama ng binata. “Gusto mong sabay ko kayong paligayahin sa kama?”

Kumukulo na talaga ang dugo ni Gia. Walang sabi-sabing sinampal niya ang lalaki.

“Hoy! Baka gusto mong ipatapon kita sa presinto. For your information, pinsan ng kasama kong babae ang may-ari nitong bar na *boyfriend* ko kaya kung ako sa 'yo, aalis na ako habang maaga pa,” gigil na gigil na sabi niya. Sa sobrang inis ay kung anu-ano tuloy ang kanyang nasabi.

Bumuka ang bibig ng kaharap niya, subalit agad ring tumikom. May gusto siguro itong sabihin ngunit hindi nito itinuloy. Tahimik itong tumalikod at naglakad palayo sa kanya na ipinagtaka niya pero di niya pinansin. Naniwala siguro sa sinabi niya na nobyo niya ang may-ari ng bar.

“Excuse me.”

Lumingon si Gia sa pinanggalingan ng tinig.



“Sir, lalapitan ko na,” sabi ng bouncer. Naglakad ito patungo sa kinaroroonan ng mga nagtatalo subalit pinigilan ito ni Nathaniel.

“Ako na.”

“Pero—”

“Ako na’ng bahala.”

Wala itong nagawa kundi ang sundin siya. Ilang hakbang lang ang layo niya mula sa dalawang

nagtatalo nang biglang naging malambing ang pakikitungo ng babae sa lalaki. Siguro away-magnobyong lang iyon. Lalayo na sana siya, ngunit nagbago ang isip niya nang biglang bumulagta ang lalaki sa sahig.

Galit na galit ang babae sa lalaki. Noon lang niya napansin na ang lalaking bumulagta sa sahig ay iyong mahilig manggulo sa *Harmony*. Hindi niya agad napansin kanina dahil mas nakikita niya ang babae sa direksyon na kinatatayuan niya.

“Lalapit na po ako.”

Napalingon siya. Sumunod pala sa kanya ang bouncer. “Huwag, hayaan mo sila.”

“Ho?” takang tanong nito.

Maliban sa suntok ay nakatikim din ang lalaki ng sampal.

“I think the woman can handle him.” A smile formed on his lips. He couldn’t help but admire the woman in front of him. “The bastard deserved a punch and a slap from a woman.”

Ilang beses na siyang nagbigay ng warning sa lalaking iyon, pero gumagawa pa rin ito ng gulo. Ngayon, hindi lang warning ang matatanggap nito. He’d make sure na hindi na ito makakatapak sa *Harmony*.

“Hoy! Baka gusto mong ipatapon kita sa presinto. For your information, pinsan ng kasama kong babae ang may-ari nitong bar na *boyfriend* ko kaya kung ako sa 'yo, aalis na ako habang maaga pa.”

Nagkatinginan sila ng bouncer dahil sa sinabi ng dalaga. Kung nagulat ang bouncer sa tinuran nito ay mas lalong nagulat si Nathaniel. Gusto niyang komprontahin ang babae sa sinabi nito, subalit nakapagtataakang nangibabaw ang amusement na naramdaman niya kaysa iritasyon kaya pinili niyang manahimik.

Nilapitan niya ang dalawa, ngunit mabilis na umalis ang lalaki nang makita siya. Sinenyasan niya ang bouncer na sundan ang lalaki bago ito makatakas.

“Excuse me.”

Dahan-dahang lumingon ang dalaga sa kinaroroonan niya. Nagtama ang mga paningin nila kaya napagmasdan niyang mabuti ang bilugan nitong mga mata na pinarisan ng malalantik na pilik-mata. Matangos ang ilong nito at may magandang labi na animo'y nag-aanyaya na halikan niya.

Maputi at makinis ang balat ng dalaga na bumagay sa suot nitong pulang bestida. At kahit naglalaro ang kulay ng ilaw sa bar ay naaninag niya

ang balingkinitang katawan nito.

“Ano? Gusto mo ring masaktan?”

Natigil ang pag-inspeksyon niya sa kabuuan ng dalaga nang magsalita ito. Damn! Ano ang nangyayari sa kanya? Hindi niya ugaling kilatisin ang kabuuan ng sinuman lalo na kapag babae.

“I’m here to ask you if you’re fine.”

“Bakit mo naman kailangang gawin ’yun?”
mataray nitong tanong.

“Because I’m an employee here and it’s my responsibility to make sure that this place is safe from any kind of hazards.”

“Oh!” Naging malumanay ang boses nito. “I’m sorry. Akala ko kagaya ka ng lalaking ’yun.”

“It’s okay. Sinaktan ka ba niya?”

“Muntik na.” Naningkit ang mga mata nito. “Pero hindi ako papayag na saktan niya ako. Sana hindi na ulit manggulo ang lalaking ’yun.”

“Don’t worry ipapa-ban ko siya. Marami na siyang offense na ginawa. Sa pagkakataong ito, di ko palalagpasin ang ginawa niya.”

Tumango-tango ito. “Mabuti naman.”

“I’m sorry kung nahuli ang dating ko. My security team thought that it was just a quarrel between couple. Kaya di muna kami nakialam.”

“It’s fine. Walang masamang nangyari.”

“By the way, may kasama ka ba?” curious niyang tanong pero di niya pinahalata. “Hindi ka dapat pumupunta sa ganitong lugar kapag mag-isa ka. Although I can guarantee that this place is safe. Pero paano kung sa ibang lugar ’to nangyari?”

Hindi niya ito napansin kanina bago siya umalis upang bumili ng pagkain sa kalapit na restaurant. Hindi niya inasahan ang pagdating ng kanyang kaibigan kaya napabili siya ng pagkain nang wala sa oras.

“Actually, I don’t like this kind of place. Hindi ako mahilig mag-gimmick. Napilitan lang akong pagbigyan ang kaibigan ko.”

“Nasaan siya?”

Sumimangot ang kausap subalit hindi iyon nakabawas sa kagandahan nito.

“Speaking of that girl, hahanapin daw ang pinsan niya pero hanggang ngayon ay di pa bumabalik.”

May gusto sanang itanong si Nathaniel, pero hindi niya nagawa. Nag-ring kasi ang phone ng dalaga at sinagot naman nito agad ang tawag.

“I think I have to go,” sabi nito sa kanya pagkatapos nitong makipag-usap sa caller.

“So soon?”

Sasagot sana ito, pero may sumulpot sa harapan nila at biglang nagsalita.

“Bro, she’s here. Akala ko hindi mo alam kung nasaan siya.”

Dumating siguro ang pinsan niya. At kung tama ang kanyang hinala, maaaring pinsan niya ang kasama ng dalaga.

“Hey, excuse me.” Sabay silang napalingon ng kaibigan niya sa babae. “I’m sorry to interrupt your conversation, but I really have to go. Goodbye,” paalam nito saka umalis.

He wanted to stop her just to get her name, but he couldn’t because he needed to talk to his friend. May next time pa naman. Natitiyak niyang muli silang magkakatatagpo ng babae.

CHAPTER *Two*

*N*alibot na nila ni Bea ang buong department store, pero wala siyang mapiling panregalo para sa seventh birthday ng bunsong anak ni Momshie Karen. Ang totoo, hindi niya alam kung ano ang ireregalo dahil lumilipad ang isip niya papuntang *Harmony*.

Gusto niyang bumalik sa bar kaso baka magtaka si Bea dahil alam nitong hindi siya mahilig sa ganoong lugar. Plus, tinanggihan niyang muling makipagkita sa pinsan nito kaya wala siyang magandang dahilan kung sakaling bumalik siya sa *Harmony*.

“Gia, sigurado ka bang ayaw mong makilala ang pinsan ko? Promise, last na talaga ’to. Kapag di pa

natuloy ang blind date n'yo sa ikatlong pagkakataon, wala nang kasunod," pamimilit ni Beatrice.

"Alam mo, Bea, kapalaran na ang gumagawa ng paraan para hindi kami magkita. Una, sinakitan ng tiyan si Nicole. Pangalawa, nagkita kayo ng ex-boyfriend mo sa bar kaya di mo naipakilala ang pinsan mo." *Hindi ko tuloy nakausap nang matagal 'yung paging security personnel,*" ngali-ngali niyang sabihin, subalit pinigilan niya ang sarili dahil baka kanyawan siya ng kaibigan.

"Malay mo ito na ang tamang pagkakataon para magkakilala kayo."

"No," mariing tutol ni Gia. "May natitipuhan na ako kaya ayokong makipag-blind date sa pinsan mo."

"Really?" Namilog ang mga mata ni Bea. "Ano'ng itsura? Guwapo? Yummy? Mabango? Saan kayo nagkakilala? Ano'ng trabaho? Ano'ng status? Mayaman ba? Baka naman may sabit 'yan?" sunod-sunod nitong tanong.

"Ang OA mong magtanong. Imbestigador ka ba o journalist?"

"Neither. I'm just making sure na okay 'yung nagugustuhan mo, na mas okay kaysa pinsan ko."

Inirapan ni Gia ang kaibigan. "Gaano ka ba kasigurado na magki-click kami ng pinsan mo, na

magkakagustuhan kami?”

“Nararamdaman ko.”

“Ewan ko sa ’yo.”

“Ganito na lang, ipakita mo ’yung picture ng sinasabi mong lalaki ’tapos ipapakita ko ’yung picture ni Nathaniel sa ’yo,” pursigidong suggestion ni Bea. Wala yata itong balak na sumuko.

“No, thanks!” tanggi niya. “Sigurado ako na mas yummy at guwapo ’yung natitipuhan ko kumpara sa pinsan mo.” Para silang batang nagtatalo kung sino ang mas guwapo sa mga crush nila.

“Mommy, Ninang, ano po’ng pinag-uusapan n’yo?” inosenteng tanong ni Nicole. Nakalimutan nilang dalawa na may kasama silang bata.

“Baby, wala ’yun. Huwag mong intindihin ang pinag-uusapan namin ng mommy mo.”

“Okay po.”

“Gia, may napili ka na bang regalo?” pag-iiba ni Bea sa usapan.

Umiling siya. “Subukan kaya natin sa *Toy Kingdom*?”

“Sure, that’s a good idea. But first, I have to go to the rest room.”

“Fine! Hihintayin na lang kita sa *Toy Kingdom*.” Binalingan niya si Nicole. “How about you? Kanino

mo gustong sumama?”

“I wanna go with you, Ninang. Buy me some toys. Kuripot kasi si Mommy, eh.”

Natawa siya sa sinabi ng bata. Alam na kasi nitong gamitin sa pangungusap ang salitang ‘kuripot’ kahit limang taong gulang pa lamang ito.

“Sige, magsama kayo ng ninang mo, Nicole. Lubus-lubusin mo ang pagiging galante niya dahil kapag nag-asawa na siya, wala nang budget para sa ‘yo.”

Sinaway niya si Bea bago ito tuluyang ipinagtabuyan patungo sa rest room. Kung anu-ano kasing kalokohan ang sinasabi nito sa bata.



“What do you like, this one,” tukoy niya sa *Barbie* doll na hawak ng kaliwang kamay niya, “or this one?” tukoy niya sa doll house na bitbit ng kanang kamay niya.

“Ninang, p’wede both?” nagpapa-cute na sabi nito. “Dapat po may doll sa doll house, di ba?”

How could a five-year-old child say that? Gia couldn’t help but smile because she looked charming and smart at the same time.

“Naku! Mauubos ang budget ko sa ‘yo.”

“Please?” Naka-pout ang mga labi nito habang

nagmamakaawa. "I'll be good at school and at home."

"Hmm..." Kunwari ay pinag-isipan niyang mabuti kung pagbibigyan ang hiling nito o hindi.

"Please?"

"Sige na nga." Kunwari ay napipilitan siyang bumili. "I-kiss mo muna ako bago ko bilhin ang toys." Bahagya siyang yumuko upang maabot nito ang kanyang mukha. Pinupog siya ng halik ni Nicole. "Ang sweet naman ng baby ko."

"Mommy, gusto ko 'to."

Natigil ang lambingan nilang magninang nang may lumapit na mag-ina malapit sa kinaroroonan nila. Gustong magpabili ng manika ng batang babae. Tanya niya ay magsing-edad ang bata at si Nicole.

"Anak, masyadong mahal 'tong doll." Ibinalik ng babae ang manika sa stall nang makita ang presyo nito. "Iba na lang ang piliin mo. Hahanap tayo ng mas mura."

"Ayoko! Gusto ko 'to!"

Nagsimula nang umiyak ang batang babae. Hindi ito kayang patahanin ng ina nito. Pinagmasdang mabuti ni Gia ang mag-ina at unti-unti niyang namumukhaan ang babae.

"Anna?"

Nilingon siya ng babaeng tinawag niyang 'Anna'.

Bakas sa mukha nito ang pagkagulat nang makita siya. Matagal bago ito nakapagsalita.

“Gia?”

“Anna!” Masayang niyakap niya ang kaibigan. “Kamusta? Ang tagal nating hindi nagkita.”

“Okay naman,” maikli nitong tugon na hindi tumitingin sa kanya. “Mauna na ako sa ’yo,” paalam nito, sabay hila sa anak.

Hindi niya maintindihan kung bakit nagmamadali ito at parang iniwasan siya. Hindi iyon ang inasahan niyang magiging reaksiyon nito kapag nagkita sila.

“Sandali lang.” Pinigilan niya sa kamay si Anna. “Magkuwentuhan muna tayo kahit saglit lang.”

“Next time na tayo mag-usap. Nagmamadali kasi ako.”

Pipigilan niya sana ulit ito, subalit natigilan siya nang may tumawag sa buong pangalan niya.

“Gianelli.”

Matagal niyang hindi narinig ang boses nito, pero di niya nakalimutan ang taong nagmamay-ari niyon. Paano niya makakalimutan ang lalaking nagpatibok ngunit nanakit sa kanyang puso?

“Gia, how are you?” Akmang lalapit ito ngunit umatras siya palayo rito. Tumigil naman ang lalaki

sa tangkang paglapit sa kanya pero nagpatuloy ito sa pagsasalita. “I’m so glad to see you again.”

She didn’t bother to reply because she’s wondering why her college best friend and her ex-boyfriend were in the same place together. Hindi naman siguro coincidence ang lahat ng nangyayari. Nagpalipat-lipat ang tingin niya sa dalawa na para bang may makukuha siyang sagot sa nais niyang malaman.

“Daddy, ibili mo ako ng doll.”

Ang piping tanong na nasa isipan niya ay nasagot nang lumapit ang batang kasama ni Anna sa ex-boyfriend niya na tinawag nitong ‘Daddy’.

“Anak, next time na natin ’to bilhin, okay?”

Maraming tanong ang naglaro sa isipan ni Gia ngayon gaya ng, *Kailan pa naging kayo? Paano naging kayo? Bakit hindi ko alam? Bakit hindi n’yo sinabi?*

Gusto niyang magtanong, pero bakit hindi niya magawa? Niloko ba siya ng mga ito? Gusto niyang humingi ng paliwanag, subalit ayaw bumuka ng kanyang bibig.

Sa di niya malamang dahilan ay nawala ang komunikasyon nila ni Anna nang maghiwalay sila ni Edward. After six years, hindi inasahang nakita niya ang dalawa at may anak na ang mga ito. She was

betrayed by her own best friend that she considered as her own sister. Why?

“Palagi n’yo na lang sinasabing next time,” maktol ng bata. “Buti pa ’yung mga kalaro ko, madaming laruan.”

“Wala pa kasi tayong sapat na pera ngayon,” paliwanag ni Edward sa paslit bago siya binalingan. “Nagulat ka siguro sa inasal ng bata. Nakakahiya mang aminin pero hindi namin kayang ibigay—” Naputol ang sasabihin ni Edward dahil umeksena si Anna.

“Anong nakakahiya? Anong hindi kayang ibigay? Ayokong maging maluho ang anak natin gaya ng ibang bata kaya di ko siya kinukunsinti sa pagbili ng mga laruan na gusto niya.”

“Hindi naman siguro maituturing na luho ang pagbili paminsan-minsan ng laruan. Natural sa lahat ng bata na gustong magkaroon ng magandang laruan.”

Naaawa si Gia sa bata. Naranasan niya kasi noon na hindi mabilhan ng laruan dahil palagi silang kapos sa pera. Ang kinikita ng mga magulang niya ay sapat lang sa panggastos nila araw-araw.

“Bakit? Ano ba’ng alam mo sa tamang pagpapalaki ng anak? Tiyak naman na wala kang

alam dahil wala kang asawa't anak."

"Anna, tumigil ka nga sa pagsasalita ng hindi maganda," saway ni Edward.

"Bakit, totoo naman, ah? Dahil hanggang ngayon ay hindi pa siya nakaka-move on sa breakup n'yo kaya wala siyang sariling pamilya."

She couldn't believe what Anna said about her. Anna, her old friend, changed a lot. The sweet and loving Anna was gone. Ibang Anna ang nakilala niya kumpara sa Anna na kaharap niya ngayon. Tila punong-puno ng galit, selos, at hinanakit ang puso nito. Bakit?

Siya ang may karapatang maging ganoon dahil sa ginawa nito, ngunit bakit kabaliktaran ang nangyari?

"I don't know what are you talking about, Anna. It's been six years since we saw each other. In fact, wala akong nabalitaan na naging asawa ng tinuring kong best friend ang ex-boyfriend ko," patuya niyang wika pero kalmado ang kanyang boses. "I'm sure wala ka ring balita sa 'kin maliban na lang kung sinubaybayan mo ako nang palihim."

"Why would I do that?" iritadong tanong nito. Nagkibit-balikat siya. "I don't know."

"You're not even worth my time."

Nasaktan siya sa sinabi nito dahil itinuring niya itong pamilya gayong wala naman itong pakialam sa kanya. Pero di na lang niya ipinahalata ang nararamdaman.

“Anna, please, don’t speak if you don’t have something nice to say.” Pagkatapos nitong sermunan ang asawa ay binalingan siya ni Edward. “Nag-asawa ka na?” tanong nito na tila ba ang hinihintay nitong sagot ay ‘hindi’.

“Actually, nandito ako para bilhan ang anak kong babae ng laruan,” pagsisinuwaling niya.

“Where’s your daughter?” tanong ni Anna.

Dapat inaanak ang sasabihin niya kaso dahil nainis siya kay Anna at naramdaman niyang nag-e-expect si Edward na wala siyang asawa kaya sinabi niya iyon. Bahala na si Batman kung sakaling dumating si Bea at tawagin itong ‘Mommy’ ni Nicole. And speaking of Nicole, wala ito sa tabi niya. Kinabahan siya.

Inilibot niya ang paningin sa paligid. Nawala ang kaba niya nang makita agad si Nicole, subalit laking gulat niya dahil karga-karga ito ng isang lalaki. Hindi lang basta-basta lalaki kundi isang guwapong lalaki na kanina lang ay nasa isip niya. Pero mas nagulat siya nang pupugin ng halik ni Nicole ang binata na

tila sobrang close ng dalawa.

“Where have you been?” nag-aalalang tanong niya. “Akala ko nawala ka na. Come here.” Kukunin sana niya si Nicole mula sa estranghero, subalit ayaw nitong lumapit sa kanya. Yumakap ito nang mahigpit sa lalaki.

“It’s all right. I’ll carry her,” sabi ng lalaki, sabay halik sa pisngi niya na ikinagulat niya. “Darling, sorry, I’m late. Nagkaroon ng problema sa *Harmony*, but don’t worry ‘cause everything is under control.”

“It’s okay. Ang importante ay dumating ka.” Sinakyan ng dalaga ang sinabi nito kahit nawiwindang siya sa mga nangyayari. Kahit naguguluhan ay aaminin niyang hulog ito ng langit sa kanya. “And I’m glad that you’re here,” sincere niyang wika.

“Siya ba ang asawa mo?” paniniyak ni Anna.

She wanted to say ‘yes’ but she couldn’t. Paano kung tawagin siyang ‘Ninang’ ni Nicole at mabuko sila?

Naputol ang kanyang iniisip nang hawakan ng guwapong lalaki ang kanyang kamay. Napatingin siya rito. Nagtama ang kanilang mga paningin at nginitian siya nito, sabay pisil sa kanyang kamay.

Tila ipinapabatid nito na huwag siyang mag-alala dahil ito ang bahala sa kanya. Hindi niya tuloy

mapigilang mahawa sa nakakaakit nitong ngiti at magpatangay sa agos na nilikha ng binata.

“I’m Nathan, her husband,” pakilala nito sa sarili. “And this is Nicole, our beautiful daughter, like her mom,” nakangiti nitong pahayag na para bang siya ang pinakamagandang babae sa buong mundo. O baka nagha-hallucinate lang siya?

“I’m Edward,” pakilala ng ex-boyfriend niya. “Hannah is my daughter and she is Anna. We’re Gia’s college friends.”

Wow! College friend? Natatakot ba itong magpakilalang ex-boyfriend niya o nahihiya ito? And take note, hindi nito ipinakilalang asawa si Anna.

“I’m Edward’s wife and Gia’s old friend,” pagkaklaro ni Anna, sabay baling sa kanya. “Good catch. Good for you.” May halong insulto at bitterness ang komento nito, ngunit di niya pinansin.

“Nice meeting you, Edward and Anna.”

“Same here,” plastic na sagot ni Anna samantalang si Edward ay nanahimik lang. “We have to go.”



“Are you all right?” tanong ng lalaki nang makaalis ang mag-asawa.

Nabaling ulit ang kanyang atensyon sa guwapong

estranghero. Mababasa sa mga mata nito ang pag-aalala na animo'y alam nito ang nangyayari sa kanya. Siguro nga na-gets nito ang sitwasyon kaya siya nito tinulungan.

“To be honest, I can’t say yes but I can’t say no. Nalilito ako sa nararamdaman ko.” Magpapatuloy sana siya sa pagsasabi kung ano ang nasa isip niya, subalit may naalala siyang itanong dito. “Teka, ano’ng ginagawa mo dito? Bakit kilala mo si Nicole at kilala ka niya? Bakit nagpanggap kang asawa ko?” sunod-sunod niyang tanong sa binata.

Sasagutin na sana nito ang kanyang mga katanungan nang biglang dumating si Bea.

“Did I hear it correctly na nagpanggap kang asawa ni Gia?” nakataas ang kilay na tanong ni Bea sa lalaking kausap niya. “Why? May nangyari ba habang wala ako? At teka nga, paano kayo nagkakilala?” takang tanong nito.

“The two of you have something in common. And dami n’yong tanong,” komento nito. “Hindi ba p’wedeng isa-isa lang?”

Nagsalubong ang mga kilay ni Gia sa pagtataka. “Alam n’yo, sobrang naguguluhan at nawiwindang ako sa mga nangyayari.” Huminto siya sandali sa pagsasalita bago nagpatuloy, “Ipaliwanag mo sa ’kin,

Bea, kung ano'ng nangyayari.”

“Huh? Bakit ako? Ako ang dapat makarinig ng explanation, not the other way around. Sino'ng mag-aakala na magkakilala kayo ng pinsan ko? Ginulat n'yo akong dalawa.”

“What?” bulalas niya. “Magpinsan kayo?” Nagpalipat-lipat ang tingin niya sa dalawa. At mukhang di nagbibiro si Bea dahil marahang tumango ang binata. “Siya ba 'yung dapat na ipapakilala mo sa 'kin?” nanghihina niyang tanong. *Siya si Nathaniel?*

“Yup!”

Napapikit si Gia. Sumakit ang ulo niya. Sobrasobrang information ang kanyang nalaman at nao-overwhelm siya sa mga kaganapan.

Naalala niya ang una nilang pagkikita ng lalaki. Ang buong akala niya ay isa itong security personnel sa *Harmony*. Hindi man lang niya naisip na ito ang may-ari ng bar. Inangkin pa naman niya itong nobyo at may posibilidad na narinig iyon ng binata dahil naroon ito malapit sa kinaroroonan niya noong gabing nasa bar siya.

Posible rin na kaya umalis ang lalaking nambastos sa kanya hindi dahil sa pananakot niya kundi nakita nito ang may-ari ng bar. Nakakahiya siya!

Nabanggit niya kay Bea na may nambastos sa kanya habang wala ito, pero mabuti na lang dahil di niya ikinuwento ang buong pangyayari at di niya nabanggit na ang natitipuhan niyang lalaki ay nagtatrabaho sa *Harmony*.

“By the way—”

“I’m sorry but I have to go.”

Sinadya niyang putulin ang sasabihin ng binata. Kumaripas siya ng lakad. Kahit narinig niya ang pagtawag ni Bea ay di niya pinansin ang kaibigan. Wala siyang ibang nasa isip ngayon kundi ang makaalis sa lugar na iyon.

CHAPTER *Three*

She's doomed. Pagkatapos niyang malagpasan ang pagkahaba-habang traffic ay pumutok naman ang gulong ng kanyang kotse. Tiningnan niya ang compartment kung mayroon siyang dalang spare tire. Luckily, she had one but unfortunately, wala siyang tools.

“Gosh! Bakit ngayon pa?”

Imposibleng mawala doon ang gamit niya dahil palagi niyang dala iyon maliban na lang kung pinakialaman ng kanyang kapatid.

“Janella, nasaan ang tools ko?” pasigaw niyang tanong nang sagutin nito ang kanyang tawag. “Nasiraan ako ng sasakyan at malapit na akong masiraan ng ulo dahil male-late ako sa trabaho.”

“Ate Gia, sorry, may inayos kasi ako sa kotse ko. Nakalimutan kong ibalik sa ’yo.”

“Bakit di ka bumili ng sarili mong gamit? Bibili-bili ka ng kotse pero di ka makabili ng tools,” nanggigigil niyang sermon.

Hindi ito ang unang beses na nangyari iyon sa kanya kaya talagang uminit ang ulo niya. Idagdag pa na posible siyang ma-late sa trabaho.

“Ate, sorry na. Promise, bibili ako ng tools kapag lumakas ang benta sa coffee shop.”

“Janella, lalong umiinit ang ulo ko sa ’yo.”

Paano kung malugi ang coffee shop nito? Ibig sabihin, hindi ito makakabili ng sariling tools.

“Ate, saan ka ba nasiraan ng sasakyan? Pupuntahan kita. Mamayang hapon na ako papasok sa coffee shop.”

“No, thanks. Katakot-takot na traffic ang madadaan mo kaya magtrabaho ka na lang. Malay mo, lumakas ang kita ng coffee shop.”

Hindi niya hinintay ang sagot ng kapatid. Basta na lang niyang pinutol ang tawag. Ida-dial niya sana ang numero ni Bea, pero di na niya itinuloy ang pagtawag dito dahil sa main office siya pupunta. Walang saysay kung sasabihin niya dito ang nangyari dahil wala rin itong maitutulong sa kanya.

“Gianelli, pumara ka ng sasakyan ’tapos manghiram ka ng tools. Okay?” parang baliw na kausap niya sa sarili habang nakaharap sa side mirror.

Walang malapit na pagawaan ng sasakyan doon kaya no choice siya kundi ang humingi ng tulong. Mabuti’t naitabi pa niya sa gilid ang kanyang kotse kaya hindi iyon magiging sanhi ng traffic.

Pumihit si Gia paharap sa kalsada at nagsimulang pumara ng sasakyan. Sa kasamaang-palad, walang pumansin sa kanya. Gustong-gusto niyang itigil ang ginagawa, subalit naisip niyang walang mangyayaring maganda kung titigil siya.

Finally, may nakapansin sa kanya. May humintong sasakyan sa tabi ng kanyang kotse. Ang iritasyon at pagod na naramdaman niya kanina ay napawi dahil sa wakas ay may mahihingian siya ng tulong.

Pagbaba ng lulan ng sasakyan ay nakaramdam siya ng samu’t saring emosyon. Gusto niyang matuwa ngunit sa kabilang banda ay gusto niyang kumaripas ng takbo o kaya bumalik sa loob ng kanyang kotse.

“What happened?” tanong ng binata na mahihimigan sa boses ang concern kaysa curiosity.

“How can I help you?”

“Uhm...” She couldn’t utter a word.

Naisip niya kasi ang katangahang ginawa niya noong huli silang nagkita. Pero kung muli niyang paiiralin ang katangahan ay male-late siya sa trabaho.

“Pumutok ang gulong ng kotse ko. I have a spare tire but unluckily, I don’t have any tools. Nakalimutan kasing ibalik ng kapatid ko.” Wala sa loob na tiningnan niya ang oras sa relong pambisig. “Gosh! I’ll be late. Sinubukan kong pumara ng sasakyan para humingi ng tulong. Unfortunately, I’m stuck here under the scorching heat of the sun because nobody wants to help me.” Nanlalagkit na siya sa pawis dahil tumitindi na ang sikat ng araw. “Can you help me?”

She didn’t hear anything from him. He just stood in front of her and stared at her. She felt uncomfortable.

“What? Do you want to help me or not?” inis niyang tanong upang di nito mahalata na naiilang siya sa paraan ng pagtitig nito.

“I’m sorry.” Napakamot ito sa ulo which she found so cute. “Of course I want to help you.”

“Then, stop starrng at me.”

Nathaniel didn’t respond. Tinalikuran siya ng

binata at tinungo ang kotse nito. Pagbalik nito ay may dala itong tools at inabutan siya nito ng t-shirt.

Nagtaka man sa ginawa nito ay tinanggap niya ang t-shirt. “Ano’ng gagawin ko dito?”

Napakamot ulit ito sa ulo. “Well...” Pinag-isipan nitong mabuti ang sasabihin sa dalaga bago ito nagsalita. “I don’t want to sound rude or something, but please forgive me for saying this.”

“Go on,” naiinip na sabi niya.

“I think that nobody wants to help you because of your clothing.”

She wanted to slap the man in front of her, but she stopped herself from doing it. Tiningnan muna niya ang sarili bago gawin ang nasa isip. Ngayon, naunawaan niya kung bakit iyon nasabi ng kausap.

She remembered that she removed her coat before she get out of the car because she’s afraid to get dirty. Ang tanging suot niya ay tube at pencil skirt na above the knee.

Mabilis na tinalikuran niya ang binata at isinuot ang t-shirt na ibinigay nito sa kanya.

“I’m sorry. I don’t mean to offend you.”

Bakit sobrang gentleman nito?

“You don’t have to say sorry,” nahihiya niyang wika. “It’s my fault.” Marahan siyang humarap sa

kausap, ngunit hindi niya sinalubong ang tingin nito. “Imagine, isang babaeng kapisasong tela ang suot ’tapos pinara ka, ano’ng iisipin mo?”

“Kailangan mo ng tulong.”

Tiningnan niya ito. “Because you know me, somehow. Paano ’yong iba na di ako kilala? Baka iniisip nila na prosti ako or modus ko lang ang masiraan ng sasakyan, ’yon pala may binabalak na masama.”

“I don’t think so,” he smiled. “You look decent even if you’re just wearing a piece of cloth. Malay mo busy sila at male-late din sa trabaho o di naman kaya may kasamang asawa o nobya kaya di ka matulungan. Alam mo naman ang mga babae.”

She chuckled. “I get your point.” Nawala ang pagkailang niya kay Nathaniel.

“Anyways, as much as I’d like to talk to you more but sad to say, I need to let you go. Ayokong maging dahilan ng pagka-late mo sa trabaho.”

“Right!” She almost forgot her work. “Dapat mapalitan ng gulong ang kotse ko.”

“I have a better idea.” May kinuha ito mula sa bulsa at iniabot sa kanya. Car key. “I suggest that you use my car.”

Nagulat si Gia. “Ipinagkakatiwala mo sa ’kin

ang kotse mo?”

“Only if you trust me.” Mataman siyang pinagmasdan ng binata.

“I trust you.” Kinuha niya mula rito ang susi ng kotse nito at ibinigay naman niya ang sa kanya. “Thank you.”

He smiled sweetly at her. “Thank me later. Magingat ka sa byahe.”

“Thanks!”



The meeting went well. As usual, naka-quota ang teams under sa supervision niya at isa siya sa mga nangungunang sales manager sa buong company. Maliban sa meeting ay nagkaroon din ng updates sa mga policy ng insurance company.

Malaki ang pasasalamat ni Gia sa pinsan ni Bea dahil nakarating siya bago magsimula ang meeting. At sa sobrang pagmamadali kanina ay di niya nagawang magpalit ng damit sa loob ng sasakyan.

Bitbit niya ang coat papasok sa opisina at ang suot niya ay t-shirt. Nakantiyawan tuloy siya ng receptionist at napagkamalan na natulog siya sa bahay ng kanyang boyfriend.

Sabagay, kung nobyo niya ang binata ay malamang na mag-overnight siya sa bahay nito.

Maglo-lovemaking sila buong magdamag na parang wala nang bukas.

Silly! Why would she think that? She's never been like that. Kapag narinig siya ng kanyang mga magulang ay tiyak na makakatikim siya ng kurot sa singit.

“Miss Gia.”

Natigil siya sa pag-iisip nang tawagin siya ng receptionist na si Sally. Nakangisi ito habang papalapit siya sa receiving area.

“Ang guwapo naman ng boyfriend mo,” kinikilig na sabi nito. “Miss Gia, kung ako sa 'yo, pipikutin ko 'yan.”

“Boyfriend?” Nagsalubong ang kanyang mga kilay. “Wala akong boyfriend,” tanggi niya.

Papalapit na siya. Lalo itong kinilig. “Huwag mo nang i-deny.”

Nagtataka man sa sinabi ni Sally ay tiningnan niya ang direksyon na tinitingnan nito. Laking gulat niya nang makita ang binatang tumulong sa kanya. Naglalakad ito patungo sa direksyon nila.

Kanina habang nasa meeting siya ay inisip niya kung paano niya isasauli ang kotse nito at kung paano niya makukuha ang kanyang kotse mula rito. Siya na yata ang pinakamasuwerteng nilalang

ngayong araw dahil ito na mismo ang gumawa ng paraan.

“Hi!” bati nito, sabay halik sa pisngi niya. “How was your day?”

Bakit ang sweet mo? “Everything went well. Thanks to you.”

“Thank you lang?” dismayadong turan nito.

Hindi niya inaasahan ang naging reaksiyon ni Nathaniel, subalit naiintindihan niya ito. Wala nang libre sa panahon ngayon kaya kailangan niyang magbayad.

“How much do you need?”

“I only need a little bit of your time.”

“Huh?” Di niya ma-gets ang sinabi nito. “What do you mean?”

“Hey, masyado mong sineseryoso ang sinabi ko,” natatawang wika nito. “I don’t need money. Ang tanging kailangan ko’y konting oras mo. Samahan mo akong kumain kung wala kang ibang gagawin at kung okay lang sa ’yo.”

Nakahinga nang maluwag ang dalaga. Akala niya ay may hihilingin ito na di niya kayang ibagay. Dirty-minded lang talaga siya.

“Sure.”

“Good.”

Hinawakan nito ang kanyang kamay habang naglalakad sila patungo sa parking lot. Gusto niyang bawiin ang kamay mula sa binata, ngunit di niya ginawa nang maramdaman na masarap sa pakiramdam ang init na nagmumula sa kamay nito.

Pagtapat nila sa kotse ng binata ay kusa niyang binitawan ang kamay nito upang kunin ang susi ng kotse nito mula sa bag niya.

“Here’s your key.” Tinanggap nito ang susi. “By the way, where’s my car?”

“Nakauwi na sa inyo ang kotse mo at binigay ko ang susi kay Janella.”

“How did you know that I’m here and how did you know my sister?”

“Tinawagan ko si Bea at inalam ko ang address ng opisina n’yo. Unfortunately, wala ka doon dahil nandito ka kaya hiningi ko ang address mo kay Bea at sinabi ko kung ano’ng nangyari. Tinawagan niya ang kapatid mo kaya naihatid ko ang kotse sa inyo.”

“I see. Nag-abala ka pa talaga.” Ang suwarte naman ng babaeng mamahalin nito. “Ibig sabihin, nag-commute ka papunta dito?”

Tumango ito.

She felt like a princess now. Gusto niyang tumalon, sumigaw, at magcha-cha sa harapan nito.

Kinikilig siya kahit alam niyang walang halong malisya ang ginawa nitong kabutihan sa kanya.

“Sorry kung naging hassle ako sa ’yo. Paano ko ba masusuklian ang kabutihan mo?”

“You’re not a bother to me. Sapat nang samahan mo akong kumain.”

Gosh! Why? Why was he so handsome, kind, sweet, and a gentleman? Mahuhulog yata siya nang wala sa oras sa binata.

“Shall we go?”

Matamis na ngiti ang ginawad niya rito bilang tugon. Sino ba siya para tumanggi?



Dinala siya ni Nathaniel sa *SAJ's Restaurant*. Madalas niyang madaanan ang restaurant na iyon tuwing pumupunta siya sa main office ng insurance company. Gusto niyang kumain doon, subalit ni minsan ay di niya nagawa dahil wala siyang kasama.

“I hope you like it here.”

“I think I’ll like it here.”

“You will like this place even better when you come inside and taste the food.”

Inalalayan siya nito papasok sa restaurant.

Sa labas ng kainan ay may garden at table sets sa ilalim ng bawat malalaking payong. Pagpasok sa

loob ay bubulaga ang iba't ibang pictures na naka-display sa wall.

Every picture told a story. Actually, she thought that it's a love story of two beautiful people. Hindi man niya alam ang kuwento sa bawat larawan ay naramdaman niyang may happy ending ang mga ito.

"What you see in the pictures are real couples. They are the owners of this place. In fact, SAJ's came from their initial name, Samantha and Jeffrey."

"Oh, really? How did you know?"

"Na-feature ang story nila sa magazine at TV," paliwanag nito, sabay hila sa upuan na nasa harapan niya saka siya pinaupo.

"I should read their story. Feeling ko nakaka-inspire ang kuwento nila kaya na-feature."

"Nakaka-inspire sa mga taong naghahangad na mabigyan ng second chance ang love story nila."

She couldn't read his emotion while he commented on Samantha and Jeffrey's story. Hindi ba ito naniniwala sa second chance o talagang hindi ito romantic?

"Aside from their love story, masarap talaga ang pagkain dito kaya dinarayo ng customers at 'yon ang dahilan kung bakit na-feature sila sa magazine at TV."

“I see.”

“By the way, how should I call you?”

Hindi niya alam kung tatawa o maiinis sa sitwasyon nila. Ilang beses na silang nagkatagpo at ilang beses na siya nitong tinulungan, pero hindi nila nagawang magpakilala sa isa’t isa.

Alam niyang Nathaniel ang pangalan nito at alam siguro nito na Gianelli ang pangalan niya dahil kay Bea, pero iba pa rin kapag nagpakilala sila sa isa’t isa.

“This is weird.” Pinili niyang tumawa kaysa mainis. “Ilang beses na tayong nagkita at nagsama, pero di pa rin tayo magkakilala.”

“I agree that this is weird,” natatawang sabi nito. “But it’s not too late to introduce ourselves.” Inilahad nito ang kanang kamay. “I’m Nathaniel Vergara.”

Inabot niya ang kamay nito. “I’m Gianelli Pineda. It’s nice to meet you, Mr. Vergara.”

“It’s my pleasure to meet you, Miss Pineda.”

At sabay silang nagpakawala ng tawa. Mukha silang praning sa ginagawa nila, pero aaminin niyang masaya siya.

“Itigil na nga natin ’to. Pinagtitinginan tayo ng mga tao baka isipin nilang baliw tayo.”

“It’s okay to be crazy sometimes.” Tumigil sa

pagtawa ang binata pero nanatiling nakangiti. “Especially when you’re with the right person,” makahulugang wika nito, subalit di iyon batid ng dalaga.

“Dahil baliw din ako?”

“Ikaw ang nagsabi niyan, hindi ako.”

Inirapan niya ang kausap. Kunwari ay nainis siya subalit di niya mapangatawanan kaya tumawa ulit siya. “I know I’m crazy. Mag-order na nga tayo.” Dinampot niya ang menu folder na nakapatong sa lamesa. “Ano’ng masarap kainin dito?”

“Ano bang klaseng food ang gusto mo? So, I can give suggestions. But I can assure that their food is delicious and healthy.”

“Since you’re more familiar with this place,” aniya na ibinigay dito ang hawak na menu folder, “I’ll let you choose my food.”

Mataman siya nitong pinagmasdan na waring tinatantya nito kung babawiin ba nito ang sinabi niya o hindi. “Are you sure?”

“Oo naman. Bakit, ayaw mo ba?”

A smile formed on his lips and excitement was written all over his handsome face. “Of course, I want to.”

Binuklat nito ang menu. Mistula itong batang

paslit na hinayaan ng magulang na pumili ng kakainin nito. He looked so cute and innocent. Gusto niyang kurutin ang mukha nito, pero pinigilan niya ang sarili.

Ibinaling ni Gia ang atensyon sa kabilang dako ng restaurant dahil baka mahuli siya ng binata na nakatitig sa mukha nito. Pagbaling niya sa isang sulok ay napansin niyang maraming nakadikit na sticky notes sa pader. Napaisip tuloy siya kung para saan iyon.

“That’s called *Wall of Thoughts*.” There’s no need for her to ask questions because Nathan could read her thoughts. “You can write what you feel or anything you think of,” patuloy nito ngunit di niya ito nililingon. Nakatuon pa rin ang atensyon niya sa *Wall of Thoughts*. “According to the article, naisip ng couple na maglagay ng wall of thoughts simula nang magkabalikan sila.”

That’s the time she looked at him and she caught Nathan looking at her intently. Kanina pa kaya ito nakatitig sa kanya?

“Why?”

“To express one’s feelings and thoughts.”

Yeah! She knew it. What she wanted to know was the deeper reason, not the obvious one. But based

on Nathan's expression, he didn't want to explain further so she kept quiet.

"Kung gusto mong magsulat, mayroong sticky notes at ballpen sa table."

Noon niya lang napansin na mayroon ngang sticky notes at ballpen sa lamesa. She grabbed the pen and paper and started writing. "I'll be right back." Pagkatapos niyang magsulat ay tinungo niya ang *Wall of Thoughts* at idinikit doon ang kapisang papel na hawak niya.

She started reading some of the notes. Different kind of emotions were written on the small papers. Happy. Lonely. Angry. Confused. Hopeful. Blessed. Thankful. Inspired. Demotivated. Excited. Worried.

How about her? Pinakiramdaman niya ang sarili. She's happy and thankful at the moment.

CHAPTER *Four*

*H*inatid siya ni Nathan pauwi sa kanila. Nasa tapat sila ng pinto ng bahay nila.

“Thank you.” Marami siyang gustong ipagpasalamat sa binata pero di niya inisa-isa. “And I’m sorry.”

“Why are you saying sorry?” kunot-noong tanong nito dahil sa labis na pagtataka niya. “You feel sorry for saying thank you?”

“No.” Inayos ni Gia ang nakakunot na noo nito. “I’m saying sorry because I acted stupid and rude yesterday.” Ang tinutukoy niya ay ang pag-walk-out na kanyang ginawa.

“Forget about it. It’s nothing.”

“But still, I want to explain.” Maliit na bagay iyon

para dito, ngunit para sa kanya ay hindi. Hindi siya mapapalagay hangga't di niya nasasabi ang gusto niyang sabihin. May nais din siyang malaman mula sa binata. "Nag-overreact ako dahil na-overwhelm ako sa mga nangyari. I didn't expect that my ex-boyfriend and my best friend ended up together."

"I'm sorry to hear that," sincere nitong wika ngunit tila di ito nagulat sa sinabi niya.

"Wala 'yun." She shrugged her shoulders. "Ang totoo niyan, mas di ko in-expect na bigla kang susulpot at nagpakilalang asawa ko. And it turns out na pinsan ka ni Bea."

"I was in the area because Bea asked me to come over. I didn't expect to see you there." Nagsimula itong magpaliwanag. "Lalapitan sana kita kaso nakita kong may kausap ka at nakita din ako ni Nicole. So, I stayed near you and I overheard your conversation. I apologize for interfering but to be honest, I don't feel sorry for doing that because I know that you're Bea's friend," pagtatapat nito.

"Wait, I want to know something." She's confused now. "Kailan mo nalaman na kaibigan ako ni Bea?" Posibleng alam nitong magkaibigan sila ng babae bago sila magkatagpo-tagpo sa iisang lugar base sa sinabi nito.

“I checked the CCTV footage after you left *Harmony*. Nagkaroon kasi ako ng hinala na ikaw ang ipapakilala sa 'kin ni Bea. And I was right.”

Kahit hindi sabihin ni Nathan kung bakit naghinala ito na siya ang kaibigan ni Bea ay alam na niya ang sagot. Natitiyak niyang narinig nito ang kanyang sinabi sa bastos na lalaki.

“I’m sorry if I used you to keep myself away from trouble.” Nag-iwas siya tingin. “Actually, nahihiya ako sa 'yo. At isa 'yun sa dahilan kung bakit ako nag-walk out kahapon, pero na-realize ko na mas nakakahiya ang ginawa kong pag-walk out.”

“Don’t overthink.” Hinawakan ni Nathan ang kanyang baba. Masuyo nitong kinabig ang kanyang mukha paharap dito. Nagtama ang kanilang mga paningin. She wanted to kiss him. “I heard what you told to that jerk, but I don’t care. I’m glad you said it and somehow saved you.”

“Siguro nakita ka niya kaya siya umalis.”

“It doesn’t matter. Ang importante, di ka niya nasaktan.” Hinawi nito ang ilang hibla ng buhok na tumabing sa kanyang mukha. “Hindi na siya makakatapak sa *Harmony*. You can come back there anytime you want.”

Oh! That’s a very nice idea. P’wede kitang

makasama. P'wede tayong magkakilala nang lubusan at...

She aborted the thought of dating Nathaniel. Gusto man niya, ayaw niyang umasa dahil baka masaktan siya. Mukha namang walang balak ang binata na i-date siya. Malinaw na sinabi ni Nathan na kaibigan siya ni Bea kaya ito nagpanggap na asawa niya. At iyon din marahil ang dahilan kung bakit siya tinulungan kanina ng binata.

“I’m sorry. Nawala sa isip ko na ayaw mo sa bar.”

Gia wanted to correct him. Tama ito na ayaw niya sa bar, pero exception ang *Harmony*. Kapag sinabi niya iyon, nangangamba siya na baka isipin nitong nagbago ang isip niya dahil dito.

“*Harmony* isn’t bad. It’s very different from other bars. I’ll recommend it to my colleagues if they want to unwind.”

“Thanks.”

They were both silent for a long while. None of them wanted to speak. Wala siyang maisip na puwede nilang pag-usapan. Nahihiya naman siyang itaboy si Nathan pauwi.

Wow! Dead air. “Uhm... Gusto mong pumasok sa loob?”

Nang magsalita ang dalaga ay parang bumalik si

Nathan sa mundo. Naubusan ng sasabihin ang binata dahil kontento na itong pagmasdan ang maganda niyang mukha.

“Hindi na. I know that you need to take a rest.” Subalit ang totoo ay gusto pa nitong manatili doon. “Thank you for spending your time with me.” Ginawaran siya nito ng halik sa noo. “Goodbye!”

Another kiss. Nawiwili na yata itong halikan siya. But she liked it. “Goodbye!”

Matamis na ngiti ang sumilay sa mga labi nito bago umalis. Siya naman ay nanatiling nakatayo sa tapat ng pinto hanggang natatanaw pa niya ang kotse nito.

“What’s going on between you and my cousin?”

Napakislot siya nang biglang sumulpot si Bea mula sa kanyang likuran. Pagharap niya rito ay nang-iintrigang tingin ang isinalubong nito sa kanya.

“Nothing.”

“Nothing? Oh, really?”

“Wala nga.”

“Kahapon pa ako walang makuhang magandang sagot mula kay Nathan. Ngayong nagkaroon ako ng pagkakataon na makausap ka’y wala rin akong magandang sagot na nakuha,” maktol nito. “Pareho kayong dalawa.”

“Ano ba’ng gusto mong sabihin ko?” walang ganang tanong niya. “Nagde-date kami ni Nathan.” May halong kilig sa kanyang boses. “Mag-on kami ni Nathan.” Sa pagkakatong iyon ay tumili siya, ngunit dagling napalitan ang ekspresyon niya. “Happy?”

“Gianelli naman! Gusto ko lang malaman kung ano’ng mayroon kayo.” Tila napipikon na ito. “Sabihin mo na ang totoo.”

Kilala niya ang kaibigan. Hindi ito titigil hangga’t wala itong nakukuhang satisfying na sagot o paliwanag.

“Fine! I’ll tell you everything,” aniya para matapos na ang pangungulit nito. “Ang hiling ko sa iyo’y paniwalaan mo ang sasabihin ko, hindi kung ano ang iniisip mo. Okay?”

Tumango ito.



“Gusto kong kalbuhin ang kaibigan mo at ang dati mong nobyo.” Mas affected si Bea sa nangyari kaysa sa kanya. “Mabuti’t dumating ang pinsan ko. Siya ang knight in shining armor mo,” kinikilig na wika nito.

“Ate, ang haba ng hair mo,” komento ni Janella. Sumali ito sa usapan nila ni Bea at nakita nito ang paghatid sa kanya ni Nathan. “Kakakilala n’yo pa

lang, pero iba ang concern at care na ipinakita niya. Bonus pa 'yung kiss kanina."

"It was a friendly kiss. Walang halong malisya," pagtatama niya. "At isa pa, hinalikan niya ako sa noo."

"Friendly kiss?" Sa tono ng boses ni Bea ay wala itong balak na maniwala sa kanya. "Kaya pala nagkuwento si Nicole at sinabing, 'Mommy, kiniss ni Tito Nathan si Ninang Gia sa cheeks,'" panggagaya nito sa anak. "Tell me, ilang beses na kayong nag-kiss ni Nathan?"

Good thing Nicole was not around. Maririnig sana nito ang nonsense na sinasabi ng mommy nito.

"This conversation is useless." Napipikon na tumayo siya mula sa kinauupuan. "Sinabi ko na 'yung totoo at kung ayaw n'yong maniwala, wala na akong magagawa." Nagmartsa siya palayo sa kaibigan at kapatid.



Naramdaman ni Gia ang pagkalam ng kanyang sikmura. Napatingin siya sa orasang pambisig; quarter to twelve. Muli niyang ibinalik ang tingin sa monitor. Hihintayin niyang mag-alas-doce bago siya magtanghalian. Ngunit ilang segundo ang lumipas nang muling magreklamo ang kanyang tiyan.

Pambihirang tiyan 'to, di makapaghintay sumapit ang alas doce, reklamo niya sa sarili habang inililibot ang paningin sa opisina. “Mike, napansin mo ba si Bea?”

“Pumunta sa rest room.”

“Okay, thanks.” Nakakailang hakbang pa lang siya nang lingunin niya si Mike. “Magla-lunch na kami. Gusto mong sumabay?”

“Miss Gia, salamat pero paalis na ako. May client akong imi-meet malapit dito kaya doon na ako kakain sa meeting place namin.”

“Wow, ang sipag naman! Pagbutihan mo ang ginagawa mo. Sige na, go na,” pagtataboy niya sa kaopisina. “Alam kong good news ang dala mo pagbalik dito.”

“Thanks, Miss Gia.”

Nagpaalam na si Mike at siya naman ay tinungo ang rest room, ngunit di niya naabutan si Bea. Dumiretso siya sa lobby. Nakita niyang naroon ang kaibigan at may kausap itong lalaki. Hindi niya inasahang makikita niya ang binata doon.

Ano kaya'ng ginagawa ni Nathan dito?

Kusang tinahak ng kanyang mga paa ang kinaroroonan ng magpinsan. Tatlong araw buhat nang huli silang nagkita ni Nathan. Lalo itong

gumuwapo sa kanyang paningin.

“Gia.”

Una siyang nakita ng binata bago siya nakita ni Bea. Nanghihingi ng paliwanag ang klase ng tingin na ipinukol sa kanya ng kaibigan. Ginantihan niya ito ng tingin na nagsasabing, ‘*Wala akong dapat na ipaliwanag.*’ Ibinaling niya ang pansin sa lalaki. “Hi, Nathan!”

Sinalubong niya ito ng matamis na ngiti. At gaya ng dati, sinalubong siya nito ng halik sa pisngi. Ganoon ba talaga ito bumati o sa kanya lang?

Napatingin siya kay Bea. Nakaawang ang bibig nito. Nasisiguro niyang puputaktihin siya nito ng tanong mamaya.

“Nag-lunch ka na?”

Umiling siya. “Ngayon pa lang kami kakain ni Bea. Ikaw, nagtanghalian na ba?” Umiling ang binata. “Kung ganoon sumabay ka na sa ‘min,” aya niya dito.

“Sure. Tamang-tama, may dala akong pagkain galing sa *SAJ’s*,” excited na wika nito.

“Talaga?” Di maikakaila ang tuwa sa kanyang boses. Nagustuhan niya ang pagkain sa *SAJ’s* kaya hinahanap-hanap niya iyon. “May balak pa naman akong bumalik doon kapag di na ako busy. Di ko

na pala kailangang magkaroon ng extra time para matikman ulit ang pagkain nila. Salamat.”

Sa kabilang dako ay nakataas ang isang kilay ni Bea habang pinapanood sila. Nahiiwagaan ito kung ano ba talaga ang status ng dalawa.

“You’re welcome.” Malapad ang ngiti ng binata dahil natuwa ito sa reaksiyon ng dalaga. “May pinuntahan ako malapit sa SAJ’s. Naisip kita kanina nang madaanan ko iyon kaya ibinili kita ng pagkain.”

Oh, my gosh! Bumilis yata nang triple ang tibok ng kanyang puso dahil sa sinabi nito.

“Deny nang deny na hindi sila, pero ibang klaseng sweetness naman ang ipinapakita,” dimapigilang komento ni Bea. “Umamin nga kayong dalawa sa ’kin.”

“Ano ba’ng aaminin namin? Ikinuwento ko sa ’yo ang lahat ng nangyari. Walang namamagitan sa ’ming dalawa,” paliwanag ni Gia sa kaibigan saka binalingan si Nathan. “Pagpasensyahan mo na ang pinsan mo. Nagugutom lang ’to kaya kung anu-ano ang sinasabi. Mabuti pa’t kumain na tayo.”

Hinila niya si Bea patungo sa pantry nang tinangka nitong magsalita. Sumunod sa kanila si Nathan. Nahiihiya siya sa pinagsasabi ni Bea dahil baka isipin ng binata na kung anu-ano ang kanyang

ikinukuwento kaya ganoon mag-isip ang pinsan nito.



Hinatid niya sa parking lot si Nathan pagkatapos nilang pagsaluhang tatlo ang pagkaing dala ng binata.

“I’m sorry sa inasal ni Bea.” Nahiihiya siya dahil walang preno ang bibig ng kaibigan niya sa pang-uusisa sa pinsan nito habang kumakain sila. “Mas nape-pressure siya na wala akong boyfriend hanggang ngayon kaya kahit sinong magustuhan niya ay inirereto sa ’kin. Pasensya na kung ikaw naman ang napagbalingan niya ngayon.”

“It’s nothing to me. Ako dapat ang humingi ng pasensya dahil sa inasal ng pinsan ko. Kapag kasi gusto niyang paniwalaan o mangyari ang isang bagay ay ’yun ang iisipin niya.”

“I agree.”

“Okay lang ba sa ’yo na nagkikita at nag-uusap tayo?” nag-aalangang tanong nito. “Baka napipilitan kang pakisamahan ako dahil kay Beatrice.” Lumungkot ang anyo ng mukha nito.

“Ano ka ba? Hindi kita kakausapin kung ayoko.” Bumalik ang ngiti ng binata sa sinabi niya. Honestly, nakakaramdam ng kakaibang saya si Gia tuwing

nasisilayan niya ang ngiti nito. “By the way, salamat ulit sa food.”

“Sino’ng may sabing libre ’yun?”

“So, may bayad pala?”

“Mayroon. Ikaw ang bahala kung gusto mong bayaran ng installment o buo,” seryosong wika nito.

Umarko ang kabilang kilay niya sa sinabi ni Nathan. “Seryoso ka?” Last time kasi naningil din ito pero hindi naman pera ang hiningi nitong kabayaran sa tulong na ibinigay nito kundi oras. Ito pa nga ang nagbayad sa pagkain nila. “Cash or time?” naninigurong tanong niya. Puwede sigurong gawing installment ang oras.

“Cash.”

Nakaramdam si Gia ng disappointment. Akala niya ay oras ulit ang hihingiin nito. Willing pa naman siyang samahan ito kahit saan.

“Okay. Magkano?” Hindi niya pinahalata ang pagkadismaya.

Gia, assuming ka kasi. Hindi naman araw-araw ay Pasko. Malay mo di ka bet kasama ni Nathan, kastigo ng isip niya.

“Gia, sineryoso mo ang sinabi ko. Sa tingin mo ba sisingilin kita?” may himig pagtatampo sa boses nito.

“Kasi...”

“I don’t need an explanation. Kailangang samahan mo ako sa Saturday para mabawasan ang sama ng loob ko.”

“Masama agad ang loob mo?”

“Oo.”

Natuwa siya sa narinig. “Paano ’yan, baka madagdagan ang sama ng loob mo sa ’kin dahil hindi ako p’wede sa Saturday.” Pagtitripan niya ang binata. “Hindi rin ako free sa Sunday.” Gusto niyang malaman kung maiinis ba ito sa kanya o hindi.

Nalukot ang mukha ni Nathan. “Why?”

“May ka-date ako.”

Matagal bago ito nakapagsalita. “Sige, next time mo ’ko samahan, pero dapat clear lahat ng schedule mo ng weekends for one month. Nagkakaroon kasi ng interes ang sama ng loob ko kaya habang tumatagal lalong lumalala.”

Natawa siya. “Iba ka! Ikaw na ang panalo.” Hindi niya akalaing ganoon ito mag-isip. “Ika-cancel ko na ang kunwari kong date.”

“Kunwari?”

Tumango siya. “Nagbibiro lang ako kanina.”

Ang lukot na mukha ng binata ay naplantsa na. Guwapo na ulit itong tingnan. Kung sabagay, di

nabawasan ang kaguwapuhan nito kahit sumimangot ito buong magdamag.

“Gumaganti ka ba?”

“Hindi,” natatawa niyang tanggi.

“Ayoko nang umalis,” pabulong na sabi ni Nathan, ngunit hindi iyon malinaw na narinig ni Gia. Ang salitang ‘umalis’ lang ang nahagip ng kanyang pandinig.

“May sinasabi ka?”

“Kailangan ko nang umalis.”

“Ah...” Napatangu-tango siya.

“Goodbye, Gia.”

“Bye.”

Nathan kissed her cheek before he left. It made her blush. She was dumbfounded by his action.